


MACTIPID TAYO NG TUBIG

Alam nating lubhang mahalaga ang tubig sa tao at kalikasan. Kailangan nating uminom ng tubig upang mabuhay. Kailangan ng halaman ang tubig upang ito ay lumago. Subalit, dahil sa mabilis na paglobo ng populasyon, pagkakaroon ng abnormal na panahon na naghahatid ng matagalang tagtuyot sa malaking bahagi ng bansa at ng iba pang kadahilanan. Ang mga sitwasyong ito ay lubhang nakakaapekto sa gustos ng tubig at nagiging sanhi upang makaranas tayo ng kakulangan ng tubig para sa irigasyon, hydropower, agrikultura, at mga pangangailangang pang-industriya at pambahay. Ang NWRB ay hinihikayat ang publiko na magtipid sa tubig upang makaagapay sa pag-iimbak at pangangalaga sa isa sa pinakamahalagang likas-yaman, ang TUBIG.

Narito ang ilang gabay sa pagtitipid ng tubig:



Tiyaking hindi tumutulo ang gripo.

Siguruhing mahigpit ang pagkakaroon ng gripo kapag hindi ginagamit. Umaabot sa 200 litro kada limang minuto ang naaaksaya kapag naiwang tumutulo ang tubig sa gripo. Hangga't

maaari, maglagay ng *low volume/high pressure (LV/HP) nozzles o flow constrictors* sa mga gripo sa lahat ng linya ng tubig. Mababawang maaksaya ang tubig nang halos 50%.



Ipagbigay alam sa kinaukulan ang mga sirang tubo at illegal connections.

Tumawag sa MANILA WATER sa hotline 1627 at MAYNILAD sa hotline 1626 o kaya ay makipag-ugnayan sa Local Water Utilities Administration sa inyong lugar.



Maglaba nang minsanan upang hindi maaksaya ang tubig.

Gumamit lamang ng sapat na tubig at sabon. Huwag hayaang umaapaw ang tubig habang nagbabanlaw. Ang bukas na gripo ay makapag-aaksaya ng 6 na litrong tubig sa bawat minuto.



Magrecycle ng tubig.

Ang pinagbanlawang tubig ay puwedeng gamiting pambuhos sa kubeta at panglinis ng sasakyan.



Maglaan ng puhunan para sa bagong modelo ng mga toilet bowls na gumagamit lamang ng halos 2.6 hanggang 4 na litro bawat flush.

Ang mga lumang modelo

ay nakapag-aaksaya ng hanggang 14 na litro ng tubig kada flush. Ang pagpa-flush ng toilet ay kumukunsumo ng halos 30% ng gamit sa tubig ng isang tao. Maaari rin nating bawasan ang antas ng tubig ng ating toilet flush sa pamamagitan ng pagkontrol ng balbula.



Magtipid ng tubig sa pagligo.

Gumamit na lamang ng timba at tabo sa pagligo. Isara ang gripo habang nagsasabon at nagsa-shampoo at mabilis na magbanlaw. Ang bukas na shower ay nakapag-aaksaya ng mula 9 hanggang 45 litro ng tubig sa bawat minuto.



Gumamit ng baso sa pagsisipilyo.

Huwag hayaang tumutulo ang tubig sa gripo habang nagsisipilyo. Mabilis na banlawan ang sipilyo upang makatipid ng 80% ng karaniwang paggamit ng tubig.



Iwasan ang paghuhugas ng sasakyan araw-araw.

Sa paglilinis, gumamit na lamang ng basahan at timba. Tinatayang 18 litro ng tubig ang maaaksaya sa bawat minuto kung gagamit pa ng hose.



Magbigay lamang ng tubig sa mga customer ng hotel at kainan kung sila ay hihingi.

Ipunin ang mga natirang inuming tubig ng mga customer upang gamiting pandilig sa mga halaman.




Tanggalin ang mga tirang pagkain sa pinggan bago ito hugasan.

Hangga't maaari gumamit ng palanggana at maghugas nang minsanan upang makatipid sa tubig at sabon.



Diligin ang mga halaman bago sumikat ang araw sa umaga at sa dapithapon.

Ang pagdidilig ng halaman sa mga oras na ito ay makakabawas sa water loss gawa ng mabilis na ebaporasyon.




Mag-iimbak ng tubig ulan.

Ang tubig ulan ay maaaring gamitin sa pang-araw-araw na pangangailangan gaya ng panglinis ng bahay, pandilig ng halaman at iba pa.



Sa mga gusaling hindi ginagamit sa gabi, patayin ang gate valve sa gabi at buksan muli ito sa umaga.



Turuan ang mga kawani, mag-aaral o mga kasambahay kung paano sila makapagtatipid ng tubig.

Maaari ring isama sa aralin sa paaralan ang wastong pagtitipid sa tubig.



Ang Pambansang Lupon sa mga Yamang-Tubig o National Water Resources Board (NWRB), ang ahensya ng gobyerno na naatasan upang mamahala at magpatupad ng mga itinakda nitong alituntunin na napapaloob sa Water Code of the Philippines, pagbabago at pagsasama-sama ng mga batas na nauukol sa pagmamay-ari, paglalaan, paggamit, pakikinabang, pagpapaunlad, pamamahala, pag-iimbak, at pangangalaga ng mga yamang-tubig ng Pilipinas.



Department of Environment and Natural Resources
NATIONAL WATER RESOURCES BOARD